

GENTRI LGU, TODO-TULONG SA MGA SEKTOR NA APEKTADO NG COVID-19

NI DOMZ B. CAOILE



ral Trias, Mayor Ony Ferrer sa isang eksklusibong panayam ni PCOO Secretary Martin Andanar na ap sa Eagle Ridge & Golf Country Club Gen. Trias, Cavite.

(Franz Orlain)

TRABAHO, edukasyon, hanapbhay at agad na ayuda sa mga sektor na apektado ng pandemyang Covid-19 ang todo-tulong na ibinibigay pamahalaang lokal ng General Trias.

Ito ang inihayag ni City Mayor Antonio 'Ony' Ferrer sa isang eksklusibong panayam ni Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar kasunod na naganap na miting ng National Task Force (NTF) Against COVID-19, kasama ang Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) at ng Coordinated Operations to Defeat Epidemic (C.O.D.E.) Team sa lungsod na ito.

Malugod na tinanggap ni Mayor Ferrer ang magkakasanib na miting ng tatlong task force na

gobyerno sa layuning tulungan at suportahan ang mga lokal na pamahalaan sa ginagawang kilusan laban sa novel coronavirus disease 2019.

Isa 'ang GenTri City na may mataas na bilang ng tinamaan ng sakit na ito.

Sa ulat nitong Huwebes, Agosto 13, ng pamahalaang lokal, 681 ang kumpirmadong kaso ng Covid-19, 438 ang aktibong kaso; gumingal ay 229 at 14 ang namatay.

Tungkol sa planong online classes, sinabi ni Mayor Ferrer kay

► GENTRI LGU • 11

PhilHealth Regional Office IVA assures Accredited Testing Facilities of payment for SARS-CoV-2

ing PhilHealth Regional Office IVA (PRO IVA) is assuring claims applications for SARS-CoV-2 Testing in the prescribed period provided that all requirements are complied with.

is the assurance given by PRO IVA Regional Vice President Edwin M. Oriña, M.D. to its PhilHealth accredited laboratories in their catchment areas Cavite, Laguna and Batangas.

Health accredited testing laboratories are required to submit an electronic health record of all patients who underwent SARS-CoV-2 Testing by RT-PCR. Correspondingly, all claims for SARS-CoV-2 Testing will also be filed via an electronic system certified by PhilHealth. While the system is not yet functional, submission of claims shall be allowed via electronic media such as compact disk (CD), hard disk or flash drive.

anned copies of documents should be saved in PDF format. Itemized billing should be in MS Excel or CSV format. To date, PRO IVA has already paid a total of Php 3,390,400.00 to the United Doctors Hospital and Medical Center for the claims filed under PhilHealth Circular No. 2020-0010 while claims filed from July 27, 2020 to August 12, 2020 from accredited testing laboratories are in various stages of processing in the region.

► PHILHEALTH • 4



Cavite City Mayor Jenny Austria Barzaga, Cavite 4th District Representative Elpidio "Pidi" Barzaga Jr., BCD and C19 testing Czar Vivencio "Vince" Dizon an assessment at epidemic in Dasmariñas City, Cavite on Friday August 2020.

//cavitetimesjournal.blogspot.com/
//www.facebook.com/cavitetimesjournal/

CAVITE TIMES JOURNAL

PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

cavitetimesjournal_mf@yahoo.com
franzalmonte@yahoo.com

VOL XVI • NO. 27 • 10.00 • AUGUST 18 - 24, 2020

P5-B badyet sa modular type of learning, saan kukunin? SAKLOLO, DEPED: GOV. JONVIC

SAAN kukuha ng badyet ang pamahalaang lalawigan ng Cavite kung tuluyang ipatutupad ng Department of Education (DepEd) ang modular type of learning sa pagbubukas ng mga klase sa lalawigan.

Ito ang ikinabahala ni Gov. JonVic Remulla Jr dahil walang mapagkukunan ng P5-bilyong badyet sa ganitong uri ng pagtuturo.

Sa isang Facebook post ni Gov. Remulla ang pangamba kay DepEd Secretary Leonor Briones na hindi makakaya ng Kapitolyo ang gastusin sa bagong tipo ng paggawing pagtuturo sa panahon ng pandemyang Covid-19.

Sabi ng gobernador sa kanyang FB page sa kalihim ng DepEd: "Please correct me if I am wrong. Sa ilalim ng plano na modular teaching/learning process ng DepEd, para sa 600,000 na mag-aaral ng Cavite, ay kailangan namin maghanda ng P5 bilyon para maipatupad ito."

Mayroon lamang P4.7-B ang nailaang pondo ng pamahalaan lalawigan para ngayong 2020.

Kung walang maiaambag ang DepEd sa tinatayang P5-B gastos sa bagong learning module, saan kukunin ng gobernador ang itustos sa edukasyon ng mga estudyanteng Caviteño.

Tanong ni Gov. Remulla, kung walang kontribusyon ang DepEd, ayon sa plano nito, sandaang porsiyento ng P5-B ang papasanin ng local government unit (LGU).

Ang P4.7-B badyet ng Kapitolyo ay nabawasan na ng mas o menos na P1-B bilang tulong at gastos sa laban sa Covid-19 pandemic, at ang natitira ay nakakaan na panagot sa mga sahod, mga gastos sa operasyon at mga programa at projekto ng pamahalaang lalawigan.

Dagdag dito, ang P1-B ay inilaan na para sa mga ospital at iba pang gastusin.

Kung walang maiaambag ang DepEd, nangangamba ang punonglalawigan ► P5-B BADYET • 4



Cavite Governor Jonvic C. Remulla

Accepting ads thru cell # 09297611541

Editorial

ANG HALAGA NG WIKANG PAMBANSANG FILIPINO

NIAPAKAHALAGA ng wika o lengguwahe, -- isang pambansang wika -- upang mapagkaisa sa isip, sa gawa at hangarin ang mga mamamayan.

Kung may isang pambansang wika, magiging maayos, magaan at mabilis ang daluyan at palitan ng mga ideya upang mabilis na mapalago ang edukasyon, komersyo, kalakalan, ugnayan, siensiya at iba pang aspeto sa pag-unlad ng mamamayan at ng bayan.

Sandata, isang mabisang armas ang wika – na nauuhawaan ng mas nakararami – laban sa kamangmangan, at kalasag ito laban sa panlilinlang at kasinungalingan.

Kung walang wika, balakid ito sa mas talastasan at unawaan ng mga tao.

Ang wika ay isang bigkis sa pagkakaisa; gamit ang wika, nailahad natin ang mga ideya, saloobin, opinyon at damdamin sa pagkilos para matamo ang kaayusan at mangyari ang mga naisin dahil sa wika.

Ngayon ngang Agosto, muli ay ipinagdiriwang ang Wikang Pambansa – ang wikang Filipino, na sinimulang ni dating Pangulong Manuel L. Quezon at deklarasyon na ibatay sa wikang Tagalog ang bubuuin at palalawiging wika na ngayon ay kilala natin sa tawag na wikang Filipino.

Nakita ni MLQ na kailangan na magkaroon ng isang wikang magbibigkis sa mga mamamayan ng Pilipinas na nahahati sa mga arkipelago, mga isla at may kani-kani-kaniwang sariling lengguwahe sa bawat rehiyon.

Kailangan ng bansa ang isang pambansang wika at dahil Tagalog ang wika mas ginagamit noon,



ito ang opisyal na wika na ginawang batayan sa pag-usap, talastasan at kommunikasyon ng lahat ng mamamayan ng bansa.

Ngayong taon, gaya nang nakagawian, ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP).

Bahagi sa pagpapayaman ang ating wikang Filipino ay ang paglikha ng mga bagong salita na kakatawan sa ating isip, at ang paglangkap ng iba pang katutubong wika mula sa iba-ibang rehiyon ng bansa at ang panghihiram sa mga wika ng datin nating ginagamit na, mula sa English at Espanyol, at iba pang salitang dala ng mga dayuhang naninirahan at nagpasyang dito na sa atin manirahan, at marami sa kanila ay naging mamamayan ng Filipino na.

Isinasama na rin natin sa wikang Filipino ang mga likhang hango sa kultura, ugali at mga gamit sa siensiya, at teknoliya.

Nga salitang charger, cellphone, load, brief, panty, bikini, siopao, hamburger, internet, kuno, bana, gaba, siyoke, trapo o tradpol, kudeta, titser, tower, jeep, tricycle, sanitizer, facemask, face shield, quarantine, at iba pa ay mga wika na naiintindihan natin at ginagamit na sa araw-araw na pag-uusap at kuwentuhan.

Sa social media, marami tayong natutunang wika na banyaga na Filipino na rin kung ating kilalanin, tulad ng mga dinaglat o pinaikling mga salita tulad, ctto. pm, lol, at iba pa, at mula sa teknolohiya tulad ng laptop, mouse, tablet, i-phone, earphone, chat, at mga salitang jejemon, salitang kanto, sword speak at iba pang bagong salita na likha ng millennials.

Kaya napakaunlad ng English dahil "notorious" ito sa panghihiram ng ibang wika, at ganap na inaangking sarili at mas pinayayabong at binibigyan ng sariling titay at kahulugan, ayon sa kanilang panggagailangan.

Iba ang ginawa ng Indonesia: nagbuo siya ng isang lupon na inatasaan ipuin ang lahat ng magagamit at maunawaang wikang katutubo, kasabay ang paglikha ng ibang wika at ito ay tinawag na Bahasa Indonesia.

Sa simula ay maraming tumutol sa katwiran mahirap na maintindihan at maunawan pero ipinagpatuloy at ngayon, makaraan ang maraming taon, isa itong buhay na buhay na wikang Pambansa sa Indonesia.

Tinangka itong gawin sa ating bansa, perop marami ang tumutol at sinabing ang wika nila sa rehiyon ang dapat na maging batayan ng wikang Pambansa; may

mga tumutol sa paglikha ng mga bagong dahilang mahirap nang bigkasin at mapagkaisa.

Dahil dito, naging makupad ang paglikha ng wika ng Filipinos.

Mas pabor ang marami na gamiting wika ng Filipinos sa mga opisyal na koralastasan sa mga ahensiya ng gobyo, lalo na sa negosyo, edukasyon, teknolohiya.

Mahalaga ang iisang wikang tirnauunawaan ng bawat mamamayan, ti China, Korea, Taiwan at iba pang bansa ipinagmamalaki ang sariling wika, saan mundo at kasabay naman ay pinakakayahan at kasayahan sa wikang English ay kinikilalang pandaigdigang wika ng la.

Palakasin natin lagi na, hindi tulad ng Wikang Filipino ang ating wikang pamahayag.

Gawin natin ito sa araw-araw at naparito ang malayang pamamahayag ng dalisay na diwa ng mamamayan.

Sa malayang pagpapahayag, mawika ng Filipinos sa pagwasto ng mga kamalian, at pagkaisa para sa pakinabang at kagalinan.

Isang hakbang ang dapat na gawin ang marimihang pagssasalin ng mga batayan sa wikang Filipino; at isabang mga bagong terminolohiya at paggamit sa edukasyon, komunikasyon iba pang uri ng maayos na talastasan.

Mabisa ang Filipino sa paglalahad a nais nating ihatid sa kapwa, at ituloy paggamit ng wikang English bilang sa Malaya at mabisang ugnayan sa mundo.

Mahalaga ang pambansang wika : edukasyon, at pamamahayag, sining, pelikula, musika, at iba pang pagtatacarrin ito sa pagtatala ng mahahalagang kasaysayan ng ating lahi at bansa.

Araw-araw, hindi lamang ngayon natating Wikang Filipino.

Palakasin natin sa puso, diwa pagmamahal at pagpapalago at pagpapaisis ng wika atin lamang:

Ang Wikang Pilipino.



DASMA POLICE DRUGS OPERATION: Kulang ang kinalabasan ng mag inang sina Imelda Palomar at si Aldrin Palomar sa isinagawang illegal drugs operation sa Brgy San Agustin 1. Kasama ang Dasma at ang 11 pirasong plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu at mark money. (Boy)

CAVITE TIMES JOURNAL
BAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO

EDITORIAL BOARD

FRANCIA A. ORLAIN
Publisher/Editor-in-Chief

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

MARIO V. ORLAIN
Circulation Manager

REYLAND G. LOPEZ
Editor

ADELA R. ZAMORA
Special Project Coordinator

JR BEJASA
Layout-out Artist

ATTY CORAZON ALMEDA
Legal Consultant (on Leave)

BOY JOSUE, JR.
Photographer

Cavite Times Journal Publication is a weekly newspaper of general circulation in the province of Cavite with Editorial and Business address at Lot 15 Block 4 St., Sunnydale the Garden Village Bucandala 5 Imus, Cavite Mobile No. 0929-7611541 E-Mail Add cavitetimes_journal@yahoo.com / cavitetimesjournal_mf@yahoo.com



**Publishers Association
of the Philippines, Inc.**

SUBSCRIPTION RATE
1 Month P40.00 6 Months P240.00
3 Months P120.00 One Year P480.00

ADVERTISING RATE
Commercial — P200/cols.cm • Legal Notices — P160/cols.cm.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

Publisher's Note

ni Maria Francesca A. Orlain

COVID-19 JOINT TASK FORCE BUMISITA SA CAVITE

IAMDAMAN ba nyo ang ginaganap na selebrasyon natin, tuwing Agosto ng Wikang Filipino?

Ang lahat, muli ang ating pasasalamat sa ating Lord GOD sa patuloy na at lasak na araw-araw ay Kanyan ibinibigay sa atin. Ebola na marami ang nawawalan ng buhay, naririto pa rin tayo na ligtas sa mang Covid-19 at lagi Niya tayong inililigtas sa panganib.

Yung-maraming salamat po, Amang nasa Langit; Panginoong JesuCristo,

ing salamat po sa Inyong walang sawang pakikipagitan sa Ama para sa kaligtasan at ipagpatawed po ang aming mga nagawang kamalian at gan.

@@@

Raw ba ang wikang Pambansa natin, tanong sa akin, ang sagot ko, English

ng Filipino ay dating "Tagalog" na ating wikang Pambansa pero sa pagdaraan

ebon, ito ay lumago, nagbago ng anyo at lumikha ng mga bagong salita, reign words, ang marami ay English at sa Espanyol (Castilla) na nakamihnas

ahil tayo ay sinakop ng Spain at ng US.

Ng Tagalog ay gunamo-guman, panganorin, di-mahapayang ating, di-kabiyak ng dibdib, katipan at iba pang wikang puro sa mga rehiyon ang

ang Filipino, ito ay tulad ng mga salitang titser, siopao, load, cellphone,

et, bra, panty, brief, mercado, ebidensiya, kudeta, bus, jeepney, appointment,

ute, at iba pang wikang English, o Castilla (bintana, kotse, relos, sinturon) na

wang ginagamit natin sa pagsasalita o pagsusulat.

umbuhay, echos, kadiri, wanakosey, sinobalasi, okray, at mga salitang likha

tang Filipino.

Ang natin na palawakin ang Filipino bilang wikang pambansa natin, at

inyo ang English na itinuring the international language na kaya lumaganap

il sa notorious ito sa panghihiram at ang mga salitang hinihiram ay inaanking ilia.

ple, ang bundok natin ay inispeling na boondock na English na ngayon.

sting lahat, mabuhay ang wikang Filipino.

@@@

IK general community quarantine (ECQ) na uli tayo rito sa Cavite, kaya

jan natin na laging mag-ingat, kasi ito ay para rin sa ating kaligtasan at jan.

Alas ang dami nating reklamo sa gobyerno, pero pwede po, wag nating iisa

hat sa gobyerno para madaling mawala ang Covid-19 pandemic.

have to cooperate and sacrifice too, kasi hindi lahat ay kayang gampanan ng

local government and the government to succeed, kailangan natin na

ing.

g labas tayo, dalhin natin ang lahat ng kailangan: face mask, sanitizer, mga

lung may maintenance medicine tayo, pairalin ang physical/social distancing,

ila ng lahat ng kailangang ID tulad ng quarantine pass at iba pa.

umunod tayo sa itinakdang mga health protocols at ang curfew hours mula

100 ng madaling araw hanggang alas 8:00 ng gabi.

@@@

T week, bumisita ang national joint task force in the province upang malaman ng ginagawa ng ating local government officials laban sa Covid-19 at isa sa

na opisyal na dumating ay si PCOO Martin Andanar at nakapanayam niya

ng makisig na Gov. Jonvic C. Remulla at si Gen. Trias City Mayor Ony Ferrer.

see a news item , re, Mayor Ony elsewhere in this issue.

Bray ni Gov. Jonvic ang mga ordinances na inaprubahan ng Sangguniang Bayan para masiguro ang kaligtasan ng mga mamayahan; mga programa

upang may maintenance medicine tayo, pairalin ang physical/social distancing,

ila ng lahat ng kailangang ID tulad ng quarantine pass at iba pa.

umunod tayo sa itinakdang mga health protocols at ang curfew hours mula

100 ng madaling araw hanggang alas 8:00 ng gabi.

A pinangting nila ang protocols ordinances for the safety health like mandatory

of masks, and physical distancing are strictly implemented particularly in

places.

Banked Sec. Andanar sa kanyang malasakit sa amin sa local media na isa sa

buhin nitong Covid-19 pandemic.

Andanar told our Publishers Association of the Philippines, Inc (PAPI) national

Sir Nelson Santos tungkol sa financial assistance na hinihiling ng Cavite

vers, particularly ang Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI).

Raw si Labor Sec. Silvestre Bello at ang DTI sa request ng PAPI na

kami ng dagdag na kapital para sa aming publications.

Namin nagagawa ang documentation para mapahiram kami ng pera, kami

malaking tulong sa amin, at muli, mabuhay tayong lahat.

halaan sa awa at tulong ng Father God Christ

PLUNDER DAPAT IKASO SA 'FAIL HEALTH' MAFIA!

FIRST: We are one with our provincemates at sa lahat ng nagmamahal sa ating Senator Ramon "Bong" Revilla Jr., in his fight against this Covid-19 disease.

Alam natin, matapang

ang ating senador at mabilis siya gagaling sa tulong ating mga panalangin.

Tinamaan ng sakit na ito si Sen. Bong dahil sa kabila ng health risk na mahawa,

hindi siya tumitigil sa pagbibigay ng tulong sa ating mga kababayan.

Praying for speedy recovery, our senator.

@@@

PAG-USAPAN NATIN NI DOMZ B. CAOILE



Ewan ka ba, may ilan tayong kababayan na hindi pa rin maka-move-on at hindi nikikita ang magandang ginagawa ng ating mga kongresista, particular sina Cavite 7th District Cong. Boying Remulla at 4th District Cong. Pidi Barzaga na kapwa magagaling na abogado.

Kesyo dapat daw kastighuin si Atty. Boying kasi daw hindi iginialang ang national anthem.

Humingi na po ng tawad si Sir Boying at nagsabi na handa niyang panagutan ang pagkakamali.

Ito raw naman si Atty. Pidi e nagpapalakas daw sa Pangulong Duterte at kay Davao City ? Sara Duterte Carpio kasi raw e nag-aambisyon na maging senador, tulad din nina Sir Boying, Sipag partylist Cong. Rodante Marcoleta at Anak Kalusugan partylist Mike Defensor.

Pwede po ba, ang ating tingnan ay ang ginagawa nilang masugid na pag-imbestiga kung paano winawaldas ng mga korap na opisyal ng "Fail Health" ang pera nating insurer.

Sa pagdinig ng House, kita natin na pursigido sila na malaman ang buong katotohanan at malaman ang mga tunay na mandarambong daan-daan bilyong piso na ating kontribusyon sa state insurance agency.

Tama ang sabi nina Cong Pidi at Cong Barzaga na dapat hindi lamang administrative cases ang isampa sa mga opisyal na ito kungdi plunder.

Sistematisko, sabi nga ay walang pakundangan kung nakawin ang pera ng PhilHealth at kitang-kita sa mga sagot ng mga kuno ay resource persons ang kanilang kasinungalingan at pagtakip sa kung paano nila dinodoktor ang mga dokumento upang may milyon-milyon sila na maibulsa.

Sa tingin ko, walang kahihiyan ang mga ito na kungdi pa sila sinuspinde ng Ombudsman, hindi pa aalis sa kanilang mga puwesto sa PhilHealth.

Now, ito namang ating Health Sec. Francisco Duque III, aywan ko kung paano siya nagagawang humarap pa sa tao gayong wala nang patid ang nabubulgar na sobrang incompetence niya at posibleng malaking partisipasyon sa mafia ng PhilHealth na mahigit sa P154 bilyon ang nanakaw, at ayon every day, nasa P2- to - P3 bilyon ang inilalabas na pera na marami ay naibubulsa nila.

Hindi pa magawang kusang magbitiw ni Duque despite the allegations na siya ang pasimuso at God Father ng Fail Health mafia, at ano kaya ang agimat na hawkaw nito ay naniniwala pa sa kanya ang Pangulo?

Kasi raw matindii ang MBA (May Backer Ako) ni Duque na sa Senate hearing ay nabisto na si dating Pres. Gloria Arroyo pala ang kapit nito kaya hindi masibak-sibak sa puwesto. Sabi ni Atty Thorsson Montes Keith, alam na alam ni Duque ang lahat ng illegal na transaksyon kaya "nadambong" ang P154-bilyong pondo ng health insurance corporation.

Pinapelan pala ni Duque ang maniobra pala makabawi si GMA sa 2004 presidential race laban kay FPJ, at naisip nito ang "Plan 5M" na mamigay ng free PhilHealth cards para mapalakas ang kandidatura ni GMA, kasi sa survey noon, lumalamang ng five million votes si Da King laban kay Arroyo, at alam na natin, nanalo si Pres. I Am Sorry sa kanyang another scandal na Garcí tape telephone conversation na kailangang manipulahan ang resulta ng election noon.

Sa hearing sinabi ni Dennis Adre, isa regional VP for Mindanao ng PhilHealth sila raw ay ipinatuwag ni Duque sa central office at sinabihan na "wag mamigay ng free PhilHealth cards sa Davao City, kasi hindi kapitido ni GMA ang noon ay Mayor Digong! (Araykuo, Sen. Bong Go!), at ang mga kumontra sa Plan 5 Million ni Duque ay itinapon kung saan-saang rehiyon. Nanalo si Lola Gloria, kapalit ang pagkalugi ng PhilHealth kasi hindi nabayaran ang premium.

@@@

Natuklasang anomalya sa pagsisayasan nina Cong Marcoleta, Remulla, Barzaga, Defensor ay ang overpayment sa Olegario Gen. Hospital sa Misamis Oriental na binayaran ng P38.2-M gayong ang dapat lang bayaran ay P5-M!

Binayaran ang B. Braun Avitum Philippines ng P45-M at ng P800-M mula 2015-2018 sa mga pasyenteng dumaan daw sa dialysis treatment, ito ay kahit may kasong fraud ang kompanyang ito na walang rehistro sa Securities and Exchange Commission.

Sa radio program na "Karambola" sa DWIZ 882 ay narinig ko na isang ospital sa Bicol region ang tumanggap ng advance payment na P100-M gayong ilisa lamang ang Covid-19 patient doon.

At maraming kaso, mahigit na 200 criminal cases sa mga ospital at mga doktor ang nabigong isampa ng legal department ng PhilHealth para mabawang bilyones na perang ibinayad nila sa mba overpayment, ghost and false claims.

At nitong 2019, mahigit sa P15-B ang nadambong sa Fail Health, sabi ni Atty.

Keith, ang resigned anti-fraud officer ng agency.

Cong Boying, Cong. Marcoleta at Cong Pidi, isampa na po nyo ang mga kasong plunder sa mga tiwaling yan at isyuhan na siya ng hold departure order, pwede po sa Justice Sec. Menardo Guevarra na ayon sa kanya, nakita nila ang kutsabahan ng mataas na opisyal ng PhilHealth at mga pribadong ospital kaya mabilis na naubos ang pondo ng ahensiya, na mababangkarote na sa susundin na taon.

Kailan kaya sisibakin ni President Duterte si Mafia God Father Duque at ang kanyang mga aliadores? Kataksilan sa bayan ang kanilang malaking kasalanan.

SPECIAL REPORT

DAPAT NA BANG IBALIK ANG DEATH PENALTY

(CTJ REPORTORIAL TEAM)

ARAW-ARAW, sabi ni Presidential Anti-Corruption Commission chief Greco Belgica, mas o menos sa P3 bilyon ang inilalabas na pera ng PhilHealth at malaking bahagi nitó ay ninanakaw ng mga korap sa ahensiya ng Ito.

Kaya, marami sa netizen at sa mga kababayan kong Imuseño ay nasabi na dapat na ibalik ang death penalty para sa mga taong gobyerno na bilyon-bilyon ang ninanakaw sa gobyerno.

Sa kasalukuyang batas, kung ang ninakaw sa kaban ng bayan ay P50-milyon pataas, kasong pandarambong o plunder ang ikakaso sa taong gobyerno at sa mapututunayang guilty, life sentence o pagkabilanggo nang habambahay ang parusa.

Panahon na raw na ibalik ang bitay sa lethal injection, tulad ng pakiusap ni Pangulong Duterte sa kanyang ika-5 state of the nation address (SONA) nitong Hulyo 27, na muling ibalik na parusa sa mga krimeng ilegal na droga, murder, rape, pero hindi kasama ang plunder.

Katwiran ng maraming netizen, talo pa ang murderer ng mga kurakot sa gobyerno dahil maraming buhay ang napagkakaitan ng ikinabuhay, marami ang namamatay na mahihirap, kung ang perang panggastos sa mga maysakit ay dinadambong ng mga taong pinagktiwalaang maayos na gastusin iyon sa kabutihan at kapakanan ng mamawayan.

Ang isyung ibalik ang kamatayan ay isang isyung hating-hati ang taumbayan.

Sa ngalan ng hustisya, dapat daw kamatayan ang parusa sa mamamatay-tao o sa mga kondenadong kriminal na nakagawa ng nakarirrimaran na krimen, tulad ng plunder, paggasaha, at negosyong ilegal na droga.

Pero sabi naman ng iba, sapat na ang parusang reclusion perpetua (pagkabilanggo nang habambahay).

Kamatayan daw ang parusa sa paglabag sa ikaanim na Utos ('Wag Kang Papatay) na nakapaloob sa 10 Utos sa Lumang Tipan ng Biblia.

Maraming kabanata sa Luma at Bagong Tipan ang nagpapanukala na kamatayan ang parusa sa pagsamba sa diyos-diyosan, pakikiapi, pagnanakaw, pagpatay, pakikipagtalik sa kapwa lalaki o sa kapwa babae at sa pakikipagtalik sa hayop at kahit ang pagsuway sa awtoridad o utos ng gobyerno.

Kung ipinagtatanggol ang buhay ng isang kriminal, mas makatarungan na igawad ang kamatayan sa mga mamamatay-tao na hindi gumagalang sa buhay ng mga inosente at walang malay sa kasalanan.

Ayon sa mga pabor sa kamatayan, sinasabi na mismong Diyos ang nagtakda ng kamatayan na bayad sa kasalanan – ito ang ikalawang kamatayan na parusa sa makasalanan sa dagat-dagatang apoy o impyerno.

Nawawalang kabulahan ang buhay kung hahayaang ang mamamatay-tao at mga karumaldumal na kriminal ay bubuhayin pa upang mabigyan ng esteado sa ngalan ng katarungan ang parusang kamatayan, sabi ng mga ayaw sa capital punishment.

Sa panig ng Simbahan at ng mga grupong relihiyoso, ang pagpatay sa isang mamamatay-tao ay maling pagtutuwid sa kamalian; ito ay magpapabigat sa lalo pang pagpapawalang-saysay sa kahalagahan ng buhay.

Hindi na maibabalik pa ang nawalang buhay kung muling papatay sa ngalan ng katarungan, sabi nila.

Sapat na ang life sentence sa mga kriminal upang magbigay ng hustisya sa mga biktima ng malupit, marahas at karumaldumal na kasalanan sa lipunan at sa batas.

Anti-poor o biktima ng kahirapan o ng racial discrimination ang marami sa naparusahan ng death penalty, sabi ng mga ayaw sa bitay.

May mga biktima ng higanteng politikal, o kaya ang pinararatanan ng krimen bunga ng personal na galit; udyo ng kasakiman.

Nababayaran ang mga testigo, abogado at maging ang hukom o kaya dahil sa pressure o blackmail sa mga hahatol sa kaso, napaparusahan ng kamatayan ang mga inosente at walang malay sa kriminal na gawain.

DAMI NG MGA BINITAY

MULA 1700, ayon sa saliksik nina M. Watt Espy at John Ortiz Smykla, inireport na mahigit sa 15,700 tao ang binitay gamit ang pagbigti sa leeg gamit ang lubid (death by hanging), silya elektrika at lethal injection sa US.

Pabor ang United States Supreme Court sa parusang kamatayan sa desisyon nito noong 1978, at mula noon, 1,500 indibidwal ang pinatay sa USA.

Sa maraming bansa, ipinapataw ang death penalty sa mga krimeng pagtakatsil sa bayan (treason), rebelyon, ilegal na droga, pagsuway sa utes ng batas military, espionage, marder, rape, paginanakaw at pandarambong.

Sekreto ng estado ang pagbitay sa China at sa North Korea, ayon sa Amnesty International (AI).

Mula 2017, ayon sa AI, 507 o higit pa ang binitay sa Iran; Saudi Arabia: 146; Iraq: 125+; Pakistan: 60+; Egypt: 35+; Somalia: 24; United States: 23; Jordan: 15.

P5-B badyet...

[FROM PAGE 1]

na maraming eskuwelahan sa Cavite ang maaaring magbawas ng estudyante o kaya ay maisasara – na ayaw na ayaw niyang mangyari.

Kung ang Cavite na maaaring mas angat sa ibang lalawigan ay hindi makayang tustusan

ang magastos na bagong plataporma ng pagtuturo, ayon sa nais ng DepEd, ano kaya ang magaganap sa ibang LGU?

Dagdag ni Gov. Remulla, taon-taon, dumarami ang mag-aaral sa Cavite, malaking bilang ay nagmumula sa

mahihirap na pamilya na marami dahil sa umiral na pandemya ay nawalan ng trabaho at mapagkakakitaan.

Malungkot ang kalagayang ito, sa mahihirap at walang ikakayang pamilya na matustusan ang magastos na edukasyon ng mga anak, at umasa sa libreng aral sa mga publikong paaralan.

Walang opisyal na bilang ang binitay sa Vietnam, at may 58 tag sa ibang bansa.

Sa ulat din ng AI, 19 na estado sa USA ang mayroon pa ring de mula 1978 hanggang Oktubre 2018, nasa 1,483 tao ang binitay sa gaya ng sumusunod -- Texas: 555; Virginia: 113; Oklahoma: 112; Missouri: 87; Georgia: 72; Alabama: 63; Ohio: 56; North Carolina: 43; Louisiana: 28; Arkansas: 31; at 184 sa iba pang estado.

Wala nang parusang kamatayan sa Alaska na inalis noong 1957, (2012), Delaware (2016), Hawaii (1957), Illinois (2011), Iowa (1887), Maryland (2013), Massachusetts (1984), Michigan (1845), New Hampshire (2019), New Jersey (2007), New Mexico (2007), North Dakota (1973), Rhode Island (1984), Vermont (2018), West Virginia (1965), Wisconsin (1853), District of Columbia (1981), American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, Virgin Islands.

DAHILAN NG PARUSANG KAMATAYAN

KASI, hopeless o hindi na raw makapagbabago ang isang talama? Kaya tama ang death penalty upang mawala sa lipunan ang (convicted) para mapigilan na mulang gumawa ng kasamaan, at lamang ito, kung papatayin ng estado ang kriminal.

Pero sabi ng kontra, may pag-asa pa ang isang kondenado (convicted) para mapigilan na mulang gumawa ng kasamaan, at sa pag-unlad ng bayan.

Makapipigil na ang death penalty sa masasamang tao na karumaldumal na krimen?

Kung papatayin ang kondenado, ito ba ay magbibigay ng katahimikan sa biktima at sa pamilya nito?

Deterritor o magbibigay takot at hadlang ang parusang kamatayan at sa mga nag-iisip gumawa ng krimen.

Tama lamang, dapat lamang na parusahan ang mga kriminal sa ginawa sa lipunan.

Hustisya at katahimikan ang kaloob na matiwasya na buhay sa mga biktima sa pagkaalam na naparusahan ang gumawa sa kanila.

Ayon sa mga kontra sa death penalty, ito ay immoral, hindi deterritor o magbibigay ng takot at hindi makapapipigil sa isang tao na kamatayan para gumawa ng krimen.

Malaking gastos sa gobyerno ang paggawad ng death penalty.

Tulad ng nasabi na, anti-poor ang death penalty.

Ang kasiguruhang mahuhuli, mapaparusahan at makukulong ang matibay na deterrent o pamigil sa mga nais gumawa ng krimen.

Hindi na maibabalik pa ang buhay ng mga binitay na mga taong dahi sa maling akusasyon at maputunayang nagkamali ng hatol; matapos ang muling pagrererebia sa kanilang mga kaso.

Ang isang kriminal ay may kakayahang makapagbagong buhay makapag-ambag ng kabutuan sa lipunan, tulad ng kaso ni Tooki.

Kahit ano pang isyu, ang pagpatay ay mali at immoral at labi Diyo, ayon sa ikaanim na utsos: 'Wag Kang papatay!

MGA BANSANG WALA NANG DEATH PENALT

MULA 2017, ayon sa Amnesty International, umiiiral pa rin ang sa Afghanistan, Antigua and Barbuda, Bahamas, Bahrain, Bangladesh, Belize, Botswana, China, Comoros, Democratic Republic of Dominica, Egypt, Equatorial Guinea, Ethiopia, Guyana;

India, Indonesia, Iran, Iraq, Jamaica, Japan, Jordan, Kuwait, Libya, Malaysia, Nigeria, North Korea, Oman, Pakistan, Palestine, Qatar, Saint Kitts and Nevis, Saint Lucia, Saint Vincent and the Grenadines, Saudi Arabia, Sierra Leone, Singapore, Somalia, Sudan, Syria, Taiwan, Trinidad and Tobago, Uganda, United Arab Emirates, Viet Nam, Yemen.

Pero sa 142 bansa, mula pa 2017 ay wala nang parusang kamatayan sa Albania, Andorra, Angola, Argentina, Armenia, Australia, Austria, Belgium, Bhutan, Bosnia-Herzegovina, Bulgaria, Burundi, Cambodia, Chile, Colombia, Cook Islands, Costa Rica;

Cote D'Ivoire, Croatia, Cyprus, Czech Republic, Denmark, Djibouti, Ecuador, Estonia, Finland, France, Gambia, Georgia, Guatemala, Guinea, Guinea-Bissau, Haiti, Holy See (Vatican City), Honduras, Hungary, Iceland, Ireland, Italy, Kiribati, Liechtenstein, Luxembourg, Macedonia, Malta, Marshall Islands, Mauritius, Mexico, Moldova, Monaco, Mongolia, Montenegro, Mozambique, Netherlands, New Zealand, Nicaragua, Niue, Norway, Palau;

Panama, Paraguay, Philippines, Poland, Portugal, Romania, Rwanda, San Marino, Sao Tome and Principe, Senegal, Serbia (including Seychelles, Slovakia, Slovenia, Solomon Islands, South Africa, Switzerland, Timor-Leste, Togo, Turkey, Turkmenistan, Tuvalu, United Kingdom, Uruguay, Uzbekistan, Vanuatu, Venezuela).

Ikaw, kapatid, gusto mo bang ibalik ang death penalty sa Pilipinas?

Kailangan ang saklolo ng pamahalaang lalawigan upang makasagot sa bagong poroma ng pagtuturo na nais ng DepEd.


May inihandang plano nang Cavite Educational Plan ang Kapitolyo, sabi ni Remulla, at sana ito ay mapagtibay ng DepEd. (nina DOMZ B. CAOILE at MA. EVITA ROSA TAPARAN)

PhilHealth... [FROM PAGE 1]

NAME OF FACILITY	CLAIMS COUNT	DATE RECEIVED	STATUS	validation
Lucena United Doctors Hospital and Medical Center	325	July 3, 2020	In	2020 for va
	289	July 27, 2020	Returned	ng Network
	85	July 29, 2020	stored for	2020 Q
	63	July 30, 2020	August 3, 2020	process
				for process.



**Republic of the Philippines
Province of Cavite
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
Trece Martires City**



CERTIFICATE NUMBER: AJA12.0026

SERPTS FROM THE MINUTES OF THE 54TH REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN OF CAVITE HELD ON AUGUST 03-2020 AT THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN SESSION HALL, LEGISLATIVE BUILDING, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE VIA ECONFERENCE

SENT:

1. Ramon Jolo B. Revilla III	Vice Governor/Presiding Officer
2. Edralin G. Gawaran	Majority Floor Leader
3. Valeriano S. Encabo	Pro-Tempore
4. Davey Christian R. Chua	Board Member, 1st District
5. Romel R. Enriquez	Board Member, 1st District
6. Edwin E. Malvar	Board Member, 2nd District
7. Jeffrey V. Asistio	Board Member, 3rd District
8. Dennis T. Lacson	Board Member, 3rd District
9. Fulgencio C. dela Cuesta, Jr.	Board Member, 4th District
10. Alston Kevin A. Anarna	Board Member, 5th District
11. Ivey Jayne A. Reyes	Board Member, 5th District
12. Felix A. Grepo	Board Member, 6th District
13. Kerby J. Salazar	Board Member, 6th District
14. Crispin Diego D. Remulla	Board Member, 7th District
15. Angelito H. Langit	Board Member, 7th District
16. Reyniel A. Ambion	Board Member, 8th District
17. Virgilio P. Varias	Board Member, 8th District
18. Nickanor N. Austria, Jr.	CCL President
19. Francisco Paolo P. Crisostomo	LNB Provincial Chapter President
20. Jerome Napoleon T. Gonzales	SK Provincial Federation President

ENT:

None

PROVINCIAL ORDINANCE NO. 299-2020**AN ORDINANCE AMENDING SECTION 2 OF PROVINCIAL ORDINANCE NO. 268-2020, AS AMENDED
BY PROVINCIAL ORDINANCE NO. 286-2020**Sponsored by: Vice Governor **Ramon Jolo B. Revilla III** andHon. **Reyniel A. Ambion**

Co-sponsored by: All Sangguniang Panlalawigan Members

HEREAS, President Rodrigo R. Duterte issued Proclamation No. 922 on 8 March 2020, declaring a State of Public Health Emergency throughout the Philippines, and Proclamation No. 929 on 16 March 2020, declaring a State of Calamity throughout the country in light of the Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) pandemic;

HEREAS, President Duterte placed the Province of Cavite under Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) for the period of 4-18 August 2020, in response to the surged confirmed COVID-19 cases in the country;

HEREAS, Provincial Ordinance No. 268 provided for curfew hours in the Province of Cavite from 8:00 PM to 5:00 AM of the following day for the prevention and control of COVID-19 in the Province;

HEREAS, Provincial Ordinance No. 286 amended Provincial Ordinance No. 268, modifying curfew hours to 8:00 AM to 4:30 AM of the following day to give working workers ample time to travel to their places of work;

HEREAS, frontline workers, workers allowed to work, and other authorized persons outside residence face difficulty in travelling due to the suspension of transportation during MECQ, pursuant to the Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine in the Philippines issued by the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases;

HEREAS, persons travelling to their places of work have to start their travels at an earlier time due to the restrictions imposed during MECQ;

